

Tokyo Protocol

Sa Papel na Gagampanan ng mga Sentro ng Agham at Museo sa Agham sa Buong Mundo Bilang Pagsuporta sa mga Layunin upang Mapanaili ang Pag-Unlad ng mga Nagkakaisang Bansa

Panimula

Ang mga Sentro ng Agham at museo ng Agham sa buong mundo ay nakatuon sa pagtataguyod ng mga lipunang may alam sa Agham at mga mamamayang akibong nakikibahagi sa pamamagitan ng pagtuturo, pagpapalakas, at pagbibigay ng inspirasyon sa lahat ng edad tungkol sa kabutihang dulot ng agham sa kani-kanilang mga buhay. Simula noong 1996, nagsama-sama ang mga pinuno/eksperto sa anim na pandaigdigang pagtitipon upang muling pagtibayin ang mga pangakong nabanggit sa dalawang pormal na deklarasyon (Toronto at Cape Town). Ang mga pagtitipong ito ang nagbigay ng basehan para sa kauna-unahang Science Center World Summit (SCWS 2014) sa Mechelen, Belgium, kung saan nabuo ang komprehensibong Mechelen Declaration ng mga prinsipyo at mga konkretong aksyon para mapahusay ang pampublikong uganayan tungo sa isang mas mabuting daigdig.

Sa pangalawang Science Center World Summit (SCWS 2017) na gaganapin sa ika-15 hanggang ika-17 ng Nobyembre, 2017 sa Tokyo, Japan, kinikilala ng mga partido ang kahalagahan ng mga prinsipyo ng Mechelen Declaration upang palakasin ang pakikiisa ng publiko sa global sustainability. Binibigyang diin ang kahalagan ng papel na ito para sa larangan,

Ang mga Partido sa Protokol:

Pag-alala sa Sustainable Development Goals (SDGs) na itinaguyod ng Nagkakaisang Bansa noong 2015 na pandaigdigang ang sakop at epekto;

Pagkilala na ang agham, teknolohiya, pag-iinhinyero, at matematika (STEM) ay kritikal upang harapin ang mga hamon at ang STEM ay nauugnay sa lahat anuman ang hangganan ng nasasakupan at kultura;

Pagbibigay-diin na ang pakikipag-ugnayan at gawain ng publiko sa agham at teknolohiya ang susi upang makamit ang mga SDGs;

Pag-endorso ng mga kasalukuyang pangako at tagumpay ng mga pambansa, panlalawigan, at mga lokal na organisasyon sa buong mundo upang makamit ang mga layuning makakatulong sa lahat ng nilalang sa mundo.

Pagsasaalang-alang na ang lahat ay may mahalagang papel na gagampanan upang matugunan ang mga hamon sa SDGs at ito ay matutupad sa tulong ng mga gawain ng bawat miyembro ng lipunan sa buong mundo;

Recognising as well that the rapid pace of change in the world today - scientifically, technologically, demographically and economically - offers both challenges and new opportunities for collective actions to achieve the SDGs;

Pagkilala rin na ang mabilis na pagbabago sa mundo – sa larangan ng agham, sa teknolohiya, sa demograpiko, at sa ekonomiya – ay nagdudulot ng panibagong hamon at mga bagong pagkakataon para sa isang kolektibong pagkilos upang makamit ang mga SDGs;

Pagkilala sa higit-kumulang 3000 Sentro ng Agham at Museo sa Agham, na may impluwensiya sa humigit-kumulang 310 milyong mga bisita ay malalim na nakatuon sa pagpapalaganap ng kamalayan at pagtulong sa lahat ng miyembro ng lipunan upang makalahok sa pagbubuo ng solusyon para upang mapagtagumpayan ang mga layunin para sa mundo;

Pagpapahayag ng kumpiyansa na ang mga Sentro ng Agham at science museum ay mga institusyon na may kakayahang sumabay sa pagbabago at maibahagi ang mga bisyon ng kanilang mga tungkulin sa pabago-bagong lipunan;

Pagdeklara na ang mga Sentro ng Agham at Museo sa Agham sa buong mundo ay nababahala, nakatuon, at handang bigyan ng pansin ang mga kagyat na layunin,

Sumang-ayon sa mga sumusunod: Pangkalahatang Probisyon

Ang protokol na ito ay tumatayo bilang isang ganap na suplemento para sa Mechelen Declaration na bukas para sa pirma sa ika-19 ng Marso, 2014 sa pagtitipon ng unang Science Center World Summit sa Mechelen, Belgium at pinagtibay bilang balangkas na may sumusunod na pitong punto ng pagkilos:

Kami ay...

1. Magsisiyasat kung paano magiging mas epektibo sa mga lokal na komunidad at lalong magkakaibang madla, at panatilihin ang pagtuon sa pakikipag-ugnayan ng magkakaibang kasarian.
2. Magpapatuloy sa pagkilos na may positibong epekto sa mundo at makapagbibigay ng higit na kamalayan sa taong-bayan sa mga pagkakataong hatid ng agham at teknolohiya para sa pagsulong ng sangkatauhan.
3. Kukunin ang pansin ng mga gumagawa ng desisyon at ng media para maipalam ang mahalagang papel ng pampublikong pakikipag-ugnayan sa agham at teknolohiya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pandaigdigang aktibidad.
4. Magsisikap na magamit ang posisyon ng mga Sentro ng Agham bilang mga “pinagkakatiwalaang” lugar upang maipakilala ang publiko sa mga makabagong teknolohiya, at mapalawak ang mga potensyal na paggamit ng mga solusyon na ito.
5. Mangunguna sa pagbuo ng mga pinakamahusay na paraan para sa mga mag-aaral at mas magamit ang kanilang edukasyon gamit ang mga naangkop na teknolohiya sa malawak at iba't-ibang konteksto.
6. Isasali ang publiko nang mas direkta sa pananaliksik, gamit ang pakikipag-ugnayan na ito upang mabigyang-kapangyarihan ang mga tao, mapalawak ang mga saloobin, at tiyakin na ang gawain ng mga unibersidad at mga institusyong-pananaliksik ay may kaugnayan sa lipunan at sa mas malawak na mga sosyal na alalahanin sa isang pandaigdigang saklaw.
7. Magtutulungan sa isang malikhaing pagdiriwang ng International Science Center Year 2019, na naghihikayat sa mga tao sa buong mundo na makibahagi ng kanilang mga karanasan na may kinalaman sa agham, teknolohiya at lipunan.

Pahayag ng mga Layunin

Samakatuwid, ang mga **layunin** ng Protokol na ito ay:

- I. **Kilalanin at gamitin** ang mga sentro ng agham at Museo sa Agham bilang mga plataporma upang tulungan ang iba't-ibang mga stakeholders na bumuo ng mas mahusay na pag-unawa sa mga hamon na matupad ang mga SDGs sa iba't-ibang mga komunidad;)
- II. **Kunin ang atensyon** ng mga gumagawa ng desisyon sa buong mundo ang mga nagawa ng mga sentro ng agham at mga museo sa agham na may kaugnayan sa SDGs na naayon sa mga kaugnay na punto ng Mechelen Declaration.

Kasama ang Mga Pagkilos:

Ang mga Partido sa Protokol na ito ay magsisikap na-

- I. **Bigyan ng prayoridad na pagsasaalang-alang ang kahalagahan at pagpapalawak ng kamalayan ng publiko, at pakikipag-ugnayan sa mga pagkilos** na nakakatulong upang makamit ang mga SDGs;
- II. **Magsagawa ng mga naayon at naaangkop na aksyon sa mga local na komunidad** na may pagsasaalang-alang para sa mga SDGs;
- III. **Magsilbi bilang mga plataporma para sa diskurso at makipagpalitan sa lahat ng magkakaibang aktor sa lipunan** sa mga mahahalagang isyu na ito –pag-ugnayin ng mga ideya, kultura, at pananaw, kung itinatag man sila mula sa katutubong kaalaman at sinaunang tradisyon o nabuo upang makasabay sa mabilis na pandaigdigang pagbabago;
- IV. **Magtatag ng mga bago at palakasin ang mga umiiral na pakikipagtulungan** sa ibang mga organisasyon at entidad na nakikibahagi sa mga pangako ng mga sentro ng agham at museo sa agham upang maitaas ang kamalayan at pakikipag-ugnayan ng publiko tungo sa pagkamit ng mga SDGs;
- V. **Tangkilikin at isama ang mga naiambag na teknolohiya bilang gamit** para sa mas epektibong ugnayan sa publiko sa mga paksang ito;
- VI. **Maglingkod bilang pinagkakatiwalaan at pinahahalagahang tagapagsalita** ng nagawang pag-unlad at ng mga hamon na hinarap ng mga komunidad ng siyentipikong pananaliksik sa pagbibigay ng kontribusyon sa tagumpay ng SDGs;

- VII. Suportahan ang pagsulong ng bilang, kakayahan, at mga pagsisikap ng mga sentro ng agham at museum sa agham** sa iba't-ibang dako upang makamit ang pag-unlad sa pagtugon sa mga SDGs;
- VIII. Tanggapin ang responsibilidad na maglingkod bilang mga catalyst para sa mas mahusay na pag-unawa at mga pagkilos sa loob ng mga komunidad** sa buong mundo sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip, pagkilala sa kung alin ang totoo mula sa kathang-isip, pagpapalakas ng mga desisyon na ayon sa mga ebidensiya, at paghimok sa makabagong henerasyon upang tingnan ang mga SDGs bilang pundasyon ng makabago at maayos na mundo;
- IX. Suportahan ang samahan ng lahat ng mga STEM activities sa buong mundo,** hangga't maari, at maisama ang pagdadaos ng taunang international science center and science museum day, na naayon sa layung ng aksyon sa bilang 7 ng Mechelen Declaration, na maaring baguhin ang saklaw mula sa isang internasyonal na taon tungo sa taunang internasyonal na araw.

Lagda at Pagpapasok sa Samahan

Sa pagpirma sa Protokol na ito, kinikilala ng mga partido ang kanilang mga pangako na mailapat at maibigay ang kanilang pinakamahusay na pagsisikap tungo sa pagsasakatuparan ng mga aksyon na nakalagay sa Protokol na ito.

Sa petsa na ito _____

LIM Tit Meng

President

Asia Pacific Network of Science &
Technology Centres (ASPAC)

Luisa Massarani

Director

Latin American and Caribbean Network for
the Popularization of Science and
Technology (RedPOP)

Linda Conlon

Chair

Association of Science – Technology
Centers (ASTC)

Sawsan Dalaq

President

North Africa and Middle East Science
Centers Network (NAMES)

Michiel Buchel

President

Ecsite - European network of science
centres and museums

Mondli Mnguni

Chair

Southern African Association of Science &
Technology Centres (SAASTEC)